Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 17 NG ENERO, 2001, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ..................................... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ..................................... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ..................................... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ..................................... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ..................................... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ..................................... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ..................................... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ..................................... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ..................................... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ..................................... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ..................................... | Pang. Punong Bayan |

*KAPASIYAHAN BLG. 010-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01-T'2001 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 01 – T'2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL CENTRAL NA NAGSUSUSOG SA HALAGANG SIYAMNAPU'T ANIM NA LIBO WALUMPUNG PISO AT WALUMPUNG SENTIMOS (P96,080.80) BILANG SURPLUS NG 20 BAHAGDANG PONDONG PANGKAUNLARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY NG TAONG 2000 UPANG ILAAN SA MGA PROYEKTO AT PROGRAMA PARA SA TAONG 2001.*

*SAPAGKA'T*, ang halagang P96,080.80 bilang surplus ng 20 bahagdang pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay ng taong 2000 ay ilalaan sa mga programa, proyekto at gawain sa taong 2001, ukol sa panlipunang pagpapaunlad at pamamahala ng barangay, ayon sa nasasaad sa nasabing kapasiyahan/kautusan ng Barangay Santo Angel Central;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Ricardo B. Ramirez, Angelito U. Limjuco at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 01-T'2001 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 01-T'2001 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central na nagsusuog sa halagang P96,080.80 bilang surplus ng 20 bahagdang pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay ng taong 2000 upang ilaan sa mga proyekto at programa para sa taong 2001.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagaluos at Sang. Barangay ng Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan